



Mga serbisyo ng Youth Transition Support*

MGA PAGBABAGO SA MGA SERBISYO DAHIL SA COVID-19

Ang suporta sa mga serbisyo ng Youth Transition Support* ay patuloy na makukuha ng mga kliyente sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19. Gayunman, ang paraan sa paghatid ng mga serbisyo ay maaaring magbago alinsunod sa opisyal na payo sa kalusugan.

Sa halip ng harap-harapan o mga sesyon ng grupo, ang indibidwal na ugnayan sa mga kliyente ay ginagawa na ngayon sa pamamagitan ng telepono at ang mga provider ay nagsasagawa ng gawaing pang-grupo sa pamamagitan ng iba't ibang mga plataporma ng social media kabilang ang Zoom, WhatsApp at Facebook.

Ang mga service provider ay may access sa mga serbisyo ng interpreter sa telepono para sa mga kliyente na hindi gaano marunong magsalita ng Ingles.

Alamin ang tungkol sa [**COVID-19 at mga sintomas nito**](#).

Ano ang mga serbisyong Youth Transition Support*?

Ang mga serbisyo ng YTS* (*)ay tumutulong sa mga kabataang humanitarian entrant (**mga tao na muling tumira sa Australya sa ilalim ng Humanitarian Program*) at mahihinang migrante na may edad na 15 hanggang 25-taon upang lumahok sa trabaho at edukasyon, pagbutihin ang kahandaan nila sa trabaho, magkaroon ng access sa mga oportunidad na bokasyonal, at lumikha ng matitibay na ugnayan sa lipunan sa pamamagitan ng edukasyon at pagsali sa mga palakasan.

Ang mga kabataang humanitarian entrant* at iba pang mga migrante ay maaaring maharap sa mga hamon ng pag-access ng mga suportang serbisyo, pag-navigate sa mga pangangailangan ng pagsasanay at pagtataguyod ng kanilang sarili sa trabaho, at madalas na nangangailangan ng dagdag na tulong at suporta para maging konektado at manatiling konektado sa kanilang bagong komunidad.

Maaaring ito ay dahil sa mga hadlang sa pananalita at kultura, at/o sa kawalan ng mga matatag na network at kaalaman tungkol sa lokal na pagtatrabaho.

Ang pamilya ng mga kabataan ay maaaring nahihirapan din sa mga isyu ng pagiging kabilang at pagiging konektado sa lipunan.

Ang mga serbisyo ng YTS* ay inihahatid ng mga provider sa pamamagitan ng mga hanay ng proyekto at aktibidad kabilang ang pagtulong sa mga kabataan upang maki-ugnay sa mga serbisyo ng lokal na empleyo at mga trabaho, at bokasyonal o iba pang pagpapatuloy sa pag-aaral.

Paano matutulungan ng mga serbisyong YTS* ang mga kabataan?

Ang mga serbisyong YTS* ay tumutulong bumuo ng kakayahan at katatagan sa mga kabataang humanitarian entrant* at iba pang karapat-dapat na migrante upang matulungan silang manatiling nag-aaral at matagumpay na lumipat sa pagtatrabaho.

Ang mga serbisyong YTS* ay nakatutok sa apat na mahahalagang bahagi. Ang mga ito ay:

- Pakikipagtulungan para sa Pag-employo upang mapagbuti ang kahandaan ng mga kabataan sa pagtatrabaho.
- Matitibay na Koneksyon sa Edukasyon upang suportahan ang mga kabataan na manatiling konektado sa edukasyon.
- Mga Oportunidad na Bokasyonal upang matulungan ang mga kabataan na matamo at mapatibay ang kanilang mga nakasanayang bokasyon.
- Pakikilahok sa mga Palakasan upang tulungan ang mga kabataan na makapagtatag ng mga ugnayan sa lipunan at ng tiwala sa sarili sa pamamagitan ng mga programa sa palakasan.

Karapat-dapat ba akong tumanggap ng mga serbisyo?

Maaari kang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng YTS* kung ikaw ay isang permanenteng residente na may edad na 15 hanggang 25-taon at dumating sa Australya nitong huling limang taon bilang isang Humanitarian entrant*, o isang pamilyang stream na migrante na kaunti ang kaalaman sa Ingles.

Paano ko maa-access ang mga serbisyo ng YTS*?

Ang talahanayan sa ibaba ay naglilista ng mga service provider na naghahatid ng mga serbisyo ng YTS*. Kung ikaw ay interesadong sumali sa programa, mangyaring makipag-ugnay sa service provider sa inyong lugar na nasa ibaba.

Service Provider	Ang mga serbisyo ng YTS* ay makukuha sa mga sumusunod na lugar
Lebanese Muslim Association	Canterbury, Bankstown, Liverpool at Fairfield, NSW
Community Migrant Resource Centre Inc (Parramatta)	Auburn at Blacktown, NSW
Multicultural Australia	Brisbane, QLD
Access Community Services Limited	Logan, QLD
Victorian Foundation for Survivors of Torture Inc (Foundation House)	Greater Dandenong, Casey, Hume, Brimbank, Darebin, Maribyrnong, Melbourne at Whitehorse, VIC
Brotherhood of St Laurence	Hume, VIC